



Tinutulungan ang mga Bisita na Manatiling Ligtas at Handa Sakaling May Pangkaligtasang Pagkawala ng Kuryente

Para mapanatiling ligtas ang ating mga komunidad, gumagamit ang PG&E ng mga makabagong pangkaligtasang kasangkapan na nakakakatulong sa pagpigil sa mga sunog. Ang mga kasangkapang ito ay maaaring magdulot ng mga pansamantalang pagkawala ng kuryente.

Public Safety Power Shutoffs (PSPS)

Bilang panghuling paraan, maagap na pinapatay ang kuryente sa panahon ng malalakas na hangin para makatulong sa pagpigil sa mga sunog. Sa kaganapan ng isang PSPS, paunang aabisuhan ang iyong host. Makikita mo rin ang mga update sa aming website at social media. Alamin ang higit pa sa [pge.com/psps](https://www.pge.com/psps).

Tinutulungan Kang Maghanda Bago ang Pagkawala ng Kuryente

- Makipag-ugnayan sa iyong host para malaman ang tungkol sa mga plano sa emergency at mga magagamit na mapagkukunan sa lugar.
- Panatiliing naka-charge ang mga device at isulat ang mga numero ng telepono na pang-emergency.
- Mag-sign up para makatanggap ng mga abiso ng PSPS para sa mga pagtanggap mo sa [pge.com/addressalerts](https://www.pge.com/addressalerts).

Tingnan ang likod para sa karagdagang mga mapagkukunan.

Humingi ng Lokal na Suporta sa Panahon ng PSPS

Sa Panahon ng Pagkawala ng Kuryente

- Tawagan ang 211, i-text ang “PSPS” sa 211-211 o bumisita sa **[211.org](https://www.211.org)** para maging konektado 24/7 sa mga lokal na mapagkukunan tulad ng pagkain, matutuluyan at transportasyon.
- Bisitahin ang isang Community Resource Center para sa mga pangunahing suplay, Wi-Fi, mga charging station at mga banyo na madaling gamitin ng ADA. Hanapin ang pinakamalapit sa iyo sa **[pge.com/crc](https://www.pge.com/crc)**.

Karagdagang Impormasyong Pangkaligtasan

Ang PSPS ay naiiba sa mga pagkawala ng kuryente na maaaring maganap sa mga linya na protektado ng Enhanced Powerline Safety Settings (EPSS), dahil nagagawa naming magbigay ng paunang abiso. Kung nakatukoy ng isang problema sa isang linya ng kuryente na protektado ng EPSS, awtomatikong mapapatay ang kuryente, na nakakatulong sa pagpigil sa mga sunog.

Ang mga update sa pagkawala ng kuryente ay ibinabahagi sa aming website at sa iyong host. Upang matuto nang higit pa, bisitahin ang **[pge.com/epss](https://www.pge.com/epss)**.

Alamin ang tungkol sa lahat ng mapagkukunan na pwede mong gamitin para masuportahan ka sa **[pge.com/wildfiresafety](https://www.pge.com/wildfiresafety)**.



Para sa isinaling suporta sa 240+ na wika, tumawag sa PG&E sa **1-866-743-6589**.